

DUQUE ALMANZOR



Ca. 1922



BUHAY NANG
DUQUE ALMANZOR

AT NI

MARIANG MATALINONG BAIT

SA CAHARIAN NANG TOLEDO NANG PANAHONG
NA SA CAPANGYARIHAN NANG MANGA MORO.




BAHAY PALIMBAGAN AT AKLATAN NI

PRAXEDES SAYO BALO NI SORIANO

Rosario 225, Binundok, Plaza del
Conde 1008 at Azcarraga 552,
Maynila, K. P.

Tel. 3099





BUHAY NANG
DUQUE ALMANZOR

AT NI

MARIANG MATALINONG BAIT
SA CAHARIAN NANG TOLEDO NANG PANAHONG
NA SA CAPANGYARIHAN NANG MANGA MORO

Nang unang panahon sa reinong Toledo
ay ang namumuno isang haring moro,
ang n̄gala'y Almenon balitang tutoo
salot at pang hampas sa m̄ga cristiano.

Ito'y may anac na isang dalaga
ang pangala't bansag princesa Casilda,
sa sang caharian balita nang ganda
pauang natutua balang macaquita.

At sa cabaita't cagandahang asal
sa manḡa dalaga'y tunay na uliran,
cahi man at mora nahilig na tunay
sa gauang magaling m̄ga caauaan.

Ang lahat nang bihag na m̄ga cristiano ang iba'y sa carcel pauang napepreso, lihim na lihim n̄ga pacacanin nito sa malaquing aua na di mamagcano.

Sa loob nang cuarto laguing nag-iisa tuing maquiquita nang caniyang ama, siya'y nacaluhod caya't nagtataca cung ano ang gaua nitong si Casilda.

Ang alin mang moro'y di naquiquitaan nang gayong ugali parang nagdarasal, itong si Casilda ang bucod na lamang ang quina hiligan ugaling binyagan.

At sa arao-arao ang inuugali pagtulog nang ama oras nang tanghali, lalabas na siya mag uunti-unti tuloy sa cusina na magmamadali.

Cucuha nang agad nang m̄ga cacanin sa caniyang paño agad babalutin, bago mananaog caniyang dadalhin sa lahat nang preso na nasa sa carcel,

Ang m̄ga mahirap ay nililimusan ang m̄ga may sakit nama'y dinadalao, ano pa n̄ga't ito'y ualang capagalan sa manḡa paggaua tanang caauaan.

At cung dumating man ang canilang fiesta na ipagsasaya ang Dios Mahoma, hindi naquiquita itong si Casilda cahit man pilitin nang caniyang ama.

At mag dadahilang siya'y may saquit hindi man lumabas sa caniyang silid,

sa Dios Mahoma malaqui ang galit
caya n̄ga ang puso hindi man mahilig.

Sa gayon nang gayon gaua ni Casilda
nahilig ang loob sa gauang maganda,
hindi rin naualan sa alila nila
nagsumbong n̄g lihim sa hari n̄gang amá.

Gaua ni Casilda n̄g pag papacain
sa lahat n̄g preso na nasasa carcel,
ang caniyang gaua ay lihim na lihim
sa tuing tanghali icao'y na hihimbing.

Ang puso n̄g hari hindi maniuala
ano't si Casilda caya ay gagaua,
sa m̄ga bihag co siya'y maaaua
uala mang naquita siyang halimbaua.

Bagcus ang naquita niya'y calupitan
ang m̄ga bihag co'y pinahihirapan,
sarisaring hirap hanggang sa mamatay
uala isa mang gauang cauaan.

Aqing susubucan cung totoo na n̄ga
ang m̄ga sabihan ninyo at balita,
nagtulog-tulugan nang siya'y mahiga
Casilda'y lumabas na ualang bahala.

Ang hari nagtago doon sa pintuan
yaong si Casilda'y caniyang hinintay,
at pagdaraan n̄ga'y tinanong pagcuan
ano ang dala mo diyan sa balutan.

Yaong si Casilda pagdaca'y namutla
sa mabiglang tanong naualan n̄g diua,
caya n̄ga't sumagot namang napabigla
uala po ama co't bulaclac na paua.

Ang uica n̄g hari ano't nagbulaan
diyata't bulaclac iyang nalalaman,
hayo't bucsan mo ang iyong balutan
dini sa harap co at aquing titignan.

Baluta'y binnucsan joh cahangã hangã!
at ang nalalaman bulaclac na paua,
na nagdiriquitan at m̄ga sariua
ang hari naguicla sa gayong hiuaga.

Hindi niya maubos isipin sa loob
itong pangyayaring talaga n̄g Dios,
palibhasa'y moro ang bait ay capos
ang puso at loob nagdadalang tacot.

Magmula na noon binayaan na niya
balang maibigan nitong si Casilda,
mulang arao naman lumala ang sigla
nitong si Casilda sa gauang maganda.

Mana'y isang arao naratay sa banig
itong si Casilda sa malubhang saquít,
ang puso nang ama laguing nahahapis
lahat n̄g médico ay pauang naaquit.

Ang lahat n̄g gamot canilang naticman
uala ring magaua sa saquít na datay,
caya n̄ga't sinabi sa haring magulang
ang bunso mong anac pilit mamamatay.

Sabihin pa baga ang paghihinagpis
n̄g puso n̄g hari nang ito'y maringig,
diyata n̄ga baga ang bunso kong ibig
ay di na gagaling sa caniyang saquít.

Isang arao n̄gani Casilda'y tumauag
sa caniyang ama't gayari ang saad,

ama co aniya icao'y maquimatiyag
nangyari sa aquin na parang pangarap.

Sa pagtulog co po cagabing mahimbing
lumapit sa aquin parang isang Angel,
uica'y cung ibig mo ang icao'y gumaling
ang ihahatol co'y agad mong gagauin.

Icao ay padala sa Bribiescang bayan
na may isang ilog ang bansag at n̄galan,
ilog San Vicente cung maligong minsan
agad cang gagaling sa saquít mong iyan.

Caya n̄ga ama co mangyaring iyong sundin
aco'y ipadala upanding gumaling,
at cung hindi gayon ualang daan mandin
cung di ang mamatay ang anac mong guiliw.

Ang sagot n̄g amá pagiisiping co
ang bayang Bribiesca sacop n̄g cristiano,
aquiring susulatan ang haring Fernando
sa pagca n̄ga't tunay na aquiring catoto.

Na cung mangyayari ang caniyang payagan
anac cong Casilda'y sandaling dūmalao,
na macapaligo sa Bribiescang bayan
upanding gumaling saquít nang catauan.

Sa haring Fernando mabasa ang sulat
n̄g haring Almenon tambing ipinayag,
caya si Casilda na padalang agad
at nacapaligo sa ilog niyang han̄gad.

Agad nang sumulat itong si Casilda
at ibinalita sa mahal niyang ama,
na siya'y naligo gumaling pagdaca
ang lahat cang saquít n̄gayon ay uala na.

Mabasa n̄g ama ang sulat na ito
sabihin ang tua na di mamagecno,
ipinagbilin pang umui na rito
magpapasalamat ang boong sang reino.

Sa sulat n̄g ama siya'y gumanti rin
ang uica'y ama co huag mo nang hintin
pinucao n̄g Dios ang puso't panindim
ang aco'y pabinyag agad co rao sundin.

Caya po ama co maglualhati ca
huag mo nang hintin anac mong Casilda,
sa pagca n̄ga't n̄gayon aco'y cristiana na
sa totoong Dios aco'y sumasamba.

Ang lahat n̄g dioses aqing tinalicdan
sa pagca n̄ga't sila'y ualang cabuluhan,
uala camunti man silang cabagsican
sapagca't demonio ang siyang may lalang.

Ang Dios sa Langit Dios na totoo
may gaua't may lalang nitong boong mundo,
n̄g sangcalan̄gitan n̄g Angel at tauo
at tanang halamang naquiquita rito.

Ito n̄ga ang Dios macapangyarihan
siya ang may gaua n̄g lahat n̄g bagay,
at siya rin naman ang cauuian
n̄g lahat n̄gang gaua niya at linalang.

Sa caniya'y sucat na lamang ang uicain
mayayaring lahat anomang ibiguin,
pag sampalataya'y papag titibayin
sa calulua co hanggang sa malibing.

Mabasa nang ama ang padalang liham
dagoc na malaqui sa puso'y dinamdam,

n̄guni't pinagisip daanin sa malubay
upandin ang bunso puso'y magbalican.

Isinulat niya ang gayong badya
diyata bunso co mauauala ca na,
nagiisang sanlang naiuan n̄g ina
aco'y iivan mo baquin matanda na.

¿Sinong cacalinga't titingin sa aquin?
¿sino pa ang bunsong aquing tatauaguin?
¿sino sa dusa co magbibigay aliw?
uala si Casildang dapat na tumingin.

¿Sino ang hahauac nang aquing corona?
cung aco'y mamatay ¿sinong mag mamana?
icaõ n̄ga lamang tunay heredera
halina bunso co halina halina.

Halina bunso co ang ama mo'y tingnan
ang loob co't puso'y namahay sa lumbay,
halica't aliuin nang hindi mamatay
ganti mo nang loob sa iyong magulang.

N̄guni at hindi rin pinaquinggang lahat
na sabi nang ama at m̄ga pagtauag,
binuco sa puso ang siyang matapat
ang loob nang Dios at siyang matupad.

Paris nang guinaua niyong Poon natin
na si Jesucristo hindi man pinansin
ang luha nang Ina at dinaing daing
ang utos nang Ama siyang tinupad din.

Siya'y nagpagaua nang isang capilla
sa tabi nang ilog paliguan niya,
ito ang pinili at dito natira
bilang ermitaña nag pepenitencia.

Matanto nang ama na di siya paqinggan sa caniyang pagsamo sa anac na hirang nag ningas ang galit nag isip na naman nang isang mabuting magauang paraan.

Siya'y nagpagayac nang daquilang hucbo mnga matatapang na mnga sundalo, at ipalulupig yaong tanang reino pinaghaharian din mnga cristiano.

Ang inihalal na pinaca general ang duque Almanzor pamangquin ding tunay, ipinag-utos nangang lupiguin niyang tanan yaong mnga reino nang mnga binyagan.

Ang reinong Aragon ang unahin niya sapagca nga't ito ay bagong binaca, nang haring D. Sancho sa reinong Castilla binihag ang hari capatid din niya.

Ito ngang hari sa Castillang reino ang pangala't bansag ay haring D. Sancho, nagisip lupiguin ang haring Alonso hari sa Aragon capatid din nito.

Silang magcapatid ay anac na tunay nang haring Fernando at bago namatay, pinag bahagui niya ang sang caharian nang ang tatlong anac mangag hari naman.

Ang reinong Castilla sa anac na Sancho ang Aragon naman sa haring Alonso, sa cay D. Garcia ang Galiciang reino gayon ang pamana nang haring Fernando.

Sa manga consejo maraming sumauay masama po hari ang pacanang iyan,

ang maguiguing bunga madlang caguluhan
nang mangā anac mo cung icao mamatay.

Mabuti na lamang cung sila n̄gang lahat
mag caisang loob pauang magsi payag,
at cung hindi n̄gani malaquing bagabag
sila sila rin n̄ga siyang mag lalamas.

Isa pa sa roon itong caharian
cung ma pag bahagui m̄ga munti lamang,
cung baga't bacahin nang m̄ga caauy
palibhasa'y munti paano ang paglaban.

Ang sagot nang hari ang m̄ga anac co
pauang matutua sa pacanang ito,
ibig cong maquita na sila n̄gang tatlo
sila'y magcaroon nang corona't cetro.

Cung ang m̄ga moro'y di co alaala
sapagca at sila'y caibigan co na,
di na mag iisip ang sila'y bumaca
ang catahimican ang ibig na nila.

Caya ang bilin co sa canilang lahat
na m̄ga anac co ang sila'y pumayag,
sa calooban co't aqing igagauad
ang bendicion co't sila'y magcapalad.

Ang hindi pumayag sa aqing caloob
ay sinusumpa co sa n̄galan n̄g Dios.
siya'y parusahan nang catacot-tacot
hanggang nabubuhay sa dusa'y lumubog.

Caya nang mamatay canilang guinanap
silang mag capatid may coronang hauac,
ang haring Don Sancho masaquim sa lahat
ang ibig pisanin siya ang maghauac.

Sapagca't siya rao anac na pang'anay
siya rao ang dapat magmana nang tanan,
huag bahaguinin itong caharian
sapagca't di dapat maghiuahiualay.

Nang hindi pumayag ang ibang capatid
ang haring D. Sancho pagdaca'y nagalit,
ninasang bacahin daanin sa pilit
yaong ibang reino ay canyang malupig.

Caya nga nag gayac nang malaquing digma
ang reinong Aragon nilusob na cusa,
ang haring Alonso nama'y nahahanda
sa malaquing parang sila'y nag sagupa.

Bumaha ang duuo sa parang at bundoc
bangcay ay nag lutang natanḡay nang agos,
ang dalauang hukbo capua ay naubos
sa di tumitiguil nang paquiquihamoc.

Ang haring Alonso parang naguiguipit
sa nacatunggaling tunay na capatid,
caya nga naman sa malaquing galit
nang haring D. Sancho siya'y pinag-usig.

Sa inurong urong siya'y nabaligtad
ang haring Alonso sa inilag-ilag,
nahulog sa banḡin hindi macaaquiat
caya nga't naraquip at siya'y nabihag.

Siya'y isinama nang haring D. Sancho
sa reinong Castilla siya'y napreso,
sabihin pa бага ang haring Alonso
malaqui ang hapis sa nangyaring ito.

Halos arao gabi siya'y nananangis
sa casamang palad caniyang nasapit,

ang aanomang samo't mġa pamamanhic
ang haring D. Sancho hindi man maquinig.

Sampo pa nang canyang mġa taong mahal
at mġa vasallos namanhic na tanan,
na cung mangyayari caniyang paualan
ang haring Alonso't capatid ding tunay.

Hindi rin pumayag ang haring D. Sancho
caya nġa nagalit ang mġa vasallo,
sa casaquiman nġa't catacauan nito
pauang nagsiilag ang lahat nang tauo.

Siya'y naghalal nang isang Gobernador
na magaalaga sa reinong Aragon,
canyang paghusayin ipag tanggol tuloy
sa alin mang sucab na lulusob doon.

Icao'y mag ipon naman nang hucbo
na baca sacali bacahin nang mġoro,
icaog ang bahala ipag tanggol mo.
hanggang may lacas ang Aragong reino.

Pagca't iniisip ang bacahin niya
ang isang capatid na haring Garcia,
ito nġa ang hari sa reinong Galicia
bigay na pamana nġ canilang ama.

Bago susunod dao caniyang babacahin
ang haring Ramiro caniyang amain,
hari sa Navarra ito'y capatid din
nġ haring Fernando ama nilang guiliw.

Sa arao at gabí hindi macatulog
at ang casaquiman palagui sa loob,
di na alaala ang galit nġ Dios
capatid ding tunay siyang nilulusob.

Sa boong acala'y totoong magaling
ang caniyang gaua nitong pagsasaquim,
hindi niya alam ang hulíng darating
parusa n̄g Langít hampas na mariin.

Sa gayong caraming m̄ga camorohan
baquit di bacahin at doon manamsam,
huag ang capatid capua binyagan
siyang binabacang pinagpipilitan.

Ang lahat n̄g ito'y natanto ring lahat
n̄g haring Almenon sa Toledong ciudad,
natanto rin naman na nagsisiilag
sa haring D. Sancho ang tanáng alagad.

Caya inautos na unahin nila
ang reinong Aragon dahil mahina na,
at bago ituloy sa reinong Castilla
huag titiguilan lupigin pagdaca.

Cahit bata pa n̄ga ang duque Almanzor
bilang labing anim dinadalang taon,
nababalita na sa tapang at dunong
sa lacas gayon din mistulang si Samson.

Maipon ang hucbo pauang nagsilacad
ang reinong Aragon canilang tinahac,
sabihin ang in̄gay sa parang at gubat
hanggang sa dumating sa Aragong uacas.

Nagsitiguil muna bilang nagpahinḡa
at saca nagutos nagpaembajada,
sa puno'y sabihin na magsisucó na
sa aming general sila'y cumilala.

Yaong embajador lumacad pagcuan
at naquipagquita sa punong general,

caniyang sinabi huag nang lumaban
isuco ang bayan nang di mangamatay.

Caramihan namin ay caguicla-guicla
sampung lacsang caming bihasa sa guerra,
cung cayo'y lalaban iyong maquiquita
ang loob mo't puso'y pilit mangangamba.

Ang mga tauo mo'y iyong caauaan
na ualang pagsala pauang mamamatay,
ang masasapit pa'y itong caharian
sa alab ng apoy pilit mapupugnao.

Ang sagot ng puno ay iyong sabihin
sa iyong general itong aquing bilin,
siya ang magingat cung siya'y abutin
ng mga camay co siya'y duduruguin.

At ang sampung lacsang cabilangan ninyo
culang pang lipulin ng dala cong hucbo,
caya humayo ca't aco'y hintin ninyo
at aco'y lalabas magquiquita tayo.

Anang embajador cung aayao ca rin
pumayag sa aquing mga hinihiling,
aco'y paalan na't aquing sasabihin
sa aquing general na cayo'y hintin.

Nang macaalis na'y nagutos pagdaca
yaong gobernador magipong lahat na,
ang mga guerrero na mga bihasa
paglacad ng hucbo siyang mangunguna.

Nagsilacad na nga na hindi naliban
hanggang sa dumating sa mga caauay,
sabihin pa baga nang magsagupaan
ang lintic at culog ay tantong alangan.

Ang duque Almanzor parang may pacpac sa caliuat canan ng paquiquitalad, caya't umuulan ang nagsisilipad na ulo at catauan, espada at sibat.

Bumaha ang dugo sa malaquing parang natangay ng agos yaong mga bangcay, ang duque Almanzor hindi napapagal hanggang di naubos ang mga caauay.

Bilang tatlong arao bago nagcatapos ang taga Aragon pauang nangaubos, yaong gobernador cumilalang lubos sa haring Almenon siya'y napasacop.

Di masabing yaman canilang nasamsam sa mga natalo na manga caauay siyang pagca tiguil niyong caguluhan quinamtan ng bayan ang capayapaan.

Ang duque Almanzor naman ay nag-utos na mangag pahinga ang soldadong pagod, at sa icatlong arao tayo ay lulusob sa reinong Castilla nang ating masacop.

Siya'y naghalal nang mag aalaga sa reinong Aragon ay mamamahala, caniyang pag husayin caguluhang paua upandin ang bayan lubos mapayapa.

At ang haring Sancho hindi tumitiguil ang haring Garcia'y ibig na lupiguin, capatid din niya cung hindi masaquim baquit aagauan niyang reinong angquin.

Sa haring D. Sancho marami ang galit dahil sa ugali na lubhang malupit,

basallos man niya pauang hindi-ibig sumama sa caniyang m̄ga iniisip.

Ano'y sa matanto n̄g haring D. Sancho na siya'y lolooban n̄g hucbo n̄g moro, pagdaca'y nagutos magipon ang tauo siya'y maghahanda n̄g malaquing hucbo.

M̄ga tauo nama'y pauang aayao caya n̄ga't nagtago yaong caramihan, matanto n̄g hari ang puso'y nagdamdam paano ang paglaban sa m̄ga caauay.

Ang loob at puso ay babaling baling hindi matutuhan ang mabuting gauin, at cung sinong Dios caniyang tatauaguin ualang sala n̄ganing siya'y tatalunin.

Naisip isipa'y ang hanapin niya yaong astrólogo may dunong na sadya, marunong manghula sa Astrología doon itatanong ang palad sa guerra.

Astrólogo ito ang n̄gala'y si Merlin balita n̄g dunong ito ay moro rin, at nanghuhula n̄ga nang m̄ga darating caya naisipang caniyang paghanapin.

Capagdating doon sa cuebang tahanan siya ay tumauag naman sa pintuan, ang unang pagtauag ay marahan lamang at ang icalaua'y may calacasan.

At ang icatlo ay lalong malacas gayon ang ugali sino mang tatauag, at cung dili gayon hindi matitinag yaong manghuhula magagalit agad.

Matapus ang tauag ang pinto'y binucsan
ang uica ng hari Merlin iyong turan,
sapagca't aco'y daratnang ligamgam
ang hucbo ng moro aco ay lolooban.

Nabalitaan co ang dunong mong sadya
nacapanghuhula sa astrologia,
anomang darating sacana't iba pa
nahuhulaan mo na ualang pagsala.

Caya ang uica co'y mangyaring hulaan
ang casapitan niring capalaran,
huag mabahala sa iyong pautang
at gagantihin cong paibayuhan.

Mangyari mong turan ang masasapit co
mananalo caya ó sa pagcatalo,
paguusisain co anang astrólogo
sa astrologia ng Dios Apolo.

Pumasoc sa silid ang libro'y binucsan
ng astrologia't binasang marahan,
aniya'y hari ngayon ay paquinggan
nga sinasabi nitong carunungan.

Dito'y sinasabi iyong uliniguin
pagbabacang ito tanang sasapitin,
ng capalaran mo at ang daratingin
ang libro cong ito'y aqing babasahin.

May isa rao ibon aniyang liiitao
doon sa dacong lulubugan ng arao,
totoong malaqui masaquim matacao
nang limbas na itong lubhang tampalasan.

Sa catacauan nga pag siya'y cumain
sa lalamunan nga'y hihinto't hihirin,

at mamumuo pa't titigas na tambing
caya madlang hirap siyang sasapitin.

Tumauag tauag ma't siya'y manuluyan
ay ualang tatanggap na sino man lamang,
mumurahin pa nga't lalaitin naman
bayad sa caniyang tantong casaquiman.

Sa guinala gala sa parang at bundoc
siya'y magtitiis ng gutom dayucdoc,
at magpapalahao ng catacot-tacot
uala mang maaua sa caniya'y magcupcop.

Sa guitna nga nitong mga cahirapan
at calaguim laguim niyang pagcabuhay,
ang mapagsasapit maguing cahanggatan
ang siya'y mamatay na cahambal hambal.

Ngayon naman hari natanto mo na
mga sinasabi sa astrologia,
icaong nga yaon at hindi sasala
siya mong daratnin iyong maquiquita.

Sabihin pa baga ang paghihinagpis
ng puso ng hari nang ito'y maringig,
magmula na noon namahay sa saquit
sa lungcot at lumbay at sa panananngis.

Di caguinsa guinsa sa darating naman
ang hucbo ng moro di masabing ingay,
ang haring D. Sancho ay sa catacutan
nuha ng cabayo at siya'y tumanan

Maquita ng hucbo ang hari ay uala
hindi macalabas ualang mamahala,
ano pang gagauin cung di ang patalo nga
ang duque Almanzor pumasoc na bigla.

Yaong m̄ga tauo sa loob n̄g ciudad
pauang nangagtagbo sa malaquing sindac,
caya n̄ga marami ang tauong nabihag
m̄ga cayamanan nasamsam na lahat.

Ang haring D. Sancho nagtagbo sa bundoc
at sa isang cueba nagtuloy pumasoc,
dito'y tinangisan n̄g calunos lunos
nasapit n̄g palad sa dusa'y lumubog.

At sa m̄ga cubo niyong m̄ga pastor
siya'y naquiusap na maquiquituloy,
naquilala siya caya't itinugon
cung dito sa amiu huag cang tumuntong.

¿Nasaan ang iyong m̄ga casaquiman?
¿nasaan ang iyong m̄ga catacauan?
¿napasaan ngayon ang capalaluan
di mo na magaua ang pananampalasan?

Ito ang nasapit n̄g haring D. Sancho
na iguinagalang n̄g boong sang reino,
inalipusta n̄ga n̄g 'mababang tauo
ualang magpatuloy na alin ma't sino.

Caya namalagui sa capighatian
laguing nananangis sa gabi at arao,
namamatay gutom gayon din sa uhao
uala mang maaua na tauong sino man.

Parusa n̄g Dios sa haring D. Sancho
sucat bang magtanong sa lilong demonio;
hinanap pa niya yaong astrólogo
sumampalataya sa sinabi nito.

Caya n̄ga nasapit siya'y binayaan
matupad ang hulang pinaniualaan,

ito ang nasapit hirap casaquitan
titiisin niya hanggang camatayan.

Baquit di nangapit sa aua ng Dios
baquit di nagsisi ng lubos na lubos,
upanding maaua maglubag ang poot
ng Dios na Poon at siya'y quinupcop.

Natupad ang hula niyong astrologo
sumampalataya sa mga demonio,
caya di sucat gauin ng tauong cristiano
ang mga ginaua ng haring D. Sancho.

At nagpanihala ang punong heneral
ang mga sundalo patang inutusan,
paghanapin nilang capilit pilitin
ang haring D. Sancho sa bayan ma't sa parang.

Sabihin pa бага ang mga sundalo
pagcaringig nila ng utos na ito,
nagsigala agad sa loob ng reino
at ipinagtanong ang haring D. Sancho.

Nang uala isa man sa loob ng bayan
na macapagsabi cung ito'y nasaan,
lumabas na sila't hahanapin naman
sa bundoc at gubat mga caparangan.

Sa hinanap hanap canilang naquita
sa loob ng cueba nguni at patay na,
yaong mga moro'y pauang nagtatataca
uala mang basallo na ipinagsama.

Sila'y nagbalic na sa loob ng bayan
canilang sinabi sa punong general,
ang haring D. Sancho aming natagpuan
sa loob ng cueba malamig nang bangcay.

Matanto ng puno ang nangyaring ito
nagutos nang agad na parunan ninyo,
at inyong ilabas ang haring Alonso
na nasa sa carcel dalhin agad dito.

Mahango ang hari humarap pagcuan
sa duque Almanzor na punong general,
ang uica'y oh hari ligtas ca nang tunay
icao rin ang aquin ngayong ihahalal.

Icao ang maghari sa reino ring ito
at gayon din naman sa Aragong reino,
at sa taon taon ay bubuis cayo
inyong ihahatid sa reinong Toledo.

Ang haring Alonso naman ay pumayag
anopa nga't siyang narating ng palad,
sa duque Almanzor ay napasalamat
nangacong mahigpit na siya'y tutupad.

Ang huebo ng moro'y nangagsioui na
marami ang bihag canilang dinala,
sa reinong Toledo nang dumating sila
di masabing tua naman ng monarca.

May isang matanda canilang nabihag
Andres ang pangalan may dalauang anac,
mga binibini na saadal ng dilag
nang sila'y dumating sabihin ang hirap.

Anac sa pang'anay ang ngala'y si Juana
at ang icalaua ngala'y Maria,
ito ay lalo na totoong maganda
sino mang tumitig pilit na sisinta.

At may isang pare na bihag din naman
siyang nacasama nila sa lacaran,

ang n̄gala'y si Ambrosio sabihin ang pagal-
nang sila'y dumating sa Toledong bayan.

Si Andres at sampuonng m̄ga anac niya
sa isa n̄gang kubo sila ay tumira,
di masabiag hirap nilang magaama
at sa bayang yaon ualang caquilala.

Caya naisipang gumala sa bayan
humanap n̄g gaua na icabubuhay,
nilang magaama at nang may itagal
anagtiis pumasan niyong cahirapan.

Ang biling mahigpit sa dalauang anac
tiisin sa loob ang lahat n̄g hirap,
sa Dios na Poon ipagpasalamat
sapagca't siya rin ang siyang may gauad.

Laguing manalangin huminḡi n̄g aua
na macatagal din sa pagdaralita,
sa pagcacasala'y umilag na lubha
nang hindi mapoot ang Poong may gaua.

Gayon din naman huag maquialam
canilang ilagan maquicaibigan,
cung tungcol din maro at hindi binyagan
ang canilang secta inyong iilagan.

Ang guinaua naman ni padre Ambrosio
siya'y nag oficio n̄g pagmemédico,
nabalita naman mabuting totoo
pauang nagsigaling ang gamutin nito.

Sa panahong ito naman si Casilda
nang matanto niya ang gaua n̄g ama,
lalong inululan m̄ga penitencia
paghinḡi n̄g aua sa Virgen, Maria.

Sa caniyang gauang m̄ga cabanalan
maraming dalagang nahicayat naman,
caya't naqniusap sa caniya'y pipisan
at sa cabanalan siya ay maacay.

Pinalac-han pa n̄ga ang capilla niya
dahil dumarami ang m̄ga dalaga
na naquiquiusap ibig ay sumama
na maquiquipisan nang maacay silá.

Malaqui ang tua ni Casilda na nan
sa m̄ga dalagang nangagca capisan,
silang lahat n̄ga'y nangag uunahan
sa pananalangi't gauang cabanalan.

Nabalita nangá itong si Casilda
sa maraming bayan cabanalan niya,
marami ang tauong na pa sa Bribiesca
itong si Casilda ibig maquilala.

Caya n̄ga ang buong Bribiescang bayan
ang tauag na dati ay Casilda lamang,
ang n̄galan n̄gang ito ay binago naman
at ang tauag n̄gayon ay Santaug marangal.

Ang princesa naman sa reinong Sevilla
ang pangala't bansag princesa Zaida,
nagsadyang dumalao dito cay Casilda
dating caibigan capua princesa.

Pagdaca'y nag yacap laquing catuaan
nang magquiquita na ang mag-caibigan,
puso ni Casilda ay napapamaang
di pa niya alam na ito'y binyagan.

* Aquing sasalitín naguing buhay niya
caya nahicayat siya'y nag cristiana,

yaong naghahari n̄gayon sa Sevilla
n̄gala'y Benhamet tunay niyang ama.

Ang princesa Zaida ay cabalitaan
sa gandang babae at sa cabaitan,
ang puso at loob nahilig na tunay
sa magandang gaua't m̄ga cabaitan.

At panahon naman sa Castillang reino
na nabubuhay pa ang haring Fernando,
naisip isipan mag pagaua ito
n̄g isang simbahan malaquing totoo.

At tinatalagang pagipunin niya
sa simbahang ito ang m̄ga reliquia,
tanang m̄ga buto n̄g Santo at Santa
lalong lalo na n̄ga ang cay Santa Justa.

At ang Santang ito ay tauong tunay
sa bayang Sevilla caniyang tinubuan,
magpapalayoc gauang pagcabuhay
lihim na lihim n̄ga'y nag cristianang tunay.

Caya naquilala na siya'y cristiana
dumating ang arao na ipinag fiesta,
ang dios n̄g bayan profeta Mahoma
ang lahat n̄g tauo ay pinasasamba.

At bucod n̄ga lamang ang totoong aayao
sumamba sa gayong idolong larauan,
ang bunying si Justa na dalagang banal
caya n̄ga dinaquip at pinahirapan.

Anomang pahirap na gauin nila
hindi man pumayag ang banal na Justa,
hanggang sa nalagot quinitlang hininga
namatay na martir at daquilang Santa.

Caya n̄ga inisip n̄g haring Fernando na macuha niya yaong m̄ga buto, n̄guni't di papayag yaong haring moro sapagca n̄ga't galit sa m̄ga cristiano.

Pinag isip isip ang mabuting gaua siya'y nagpagayac n̄g malaquing digma, culun̄gin n̄g hucbo ang Sevillang lupa at upang sa gayon macuha ang nasa.

Ang punong general n̄g caniyang hucbo ang caniyang anac principe Alonso, bagong taong basal mistulang guerrero sa alin mang digma balitang totoo.

Sa gandang lalaqui tunay na Adonis at si Marte naman sa anyo at tindig, ang ugali niya totoong mabait sa m̄ga sugatan malaqui ang hapis.

Magayac ang hucbo nangagsilacad na at caniyang inuna yaong Lucitania, pinasoc n̄g hucbo't caniyang binaca hanggang di nasupil at nabihag niya.

Pagcabahag niya bago nagtuluyan sa Andalucia binaca rin naman, hanggang di natalo hindi tinugutan caya n̄ga't sumuco yaong boong bayan.

Hindi nagtitiguil ang canilang lacad at ang bayan bayan pauang binibihag, ang m̄ga halaman nama'y sinisilab hanggang sa malapit sa Sevillang ciudad.

Ano y sa matanto n̄g haring Benhamet ang caniyang marahas na pamimiyapis,

ang boong sang reino ay nasa pang'anib
caniyang naisipang iligtas sa hapis.

Siya ay nagutos nagpaembajada
sa principe Alonso mangyaring itiguil na,
ang pamimiyapis at babayaran niya
ang tanang nagugol niyong hucbo nila.

Nang matanto naman nang principe Alonso
nagpa sabi agad sa haring Fernando,
ang hinihiling niyong haring moro
na pagbabayaran nagugol nang hukbo.

Na itiguil lamang ang lacad nang digma
ang haring Fernando nama'y natua,
pagca't masusunod yaong ninanasa
macuha ang butó nang Santang daquila.

Nag casundo na nga mga salitaan
nang dalauang hari hinanap pagcua,
yaong mga butó nang Santang marangal
hindi rin naquita nila ang baunan.

Nguni't ang naquita yaong mga butó
nang mahal na Santong si S. Isidoro,
ito ang dinalá nang haring Fernando
doon inilagay sa simbahang bago.

Ang princesa Zaida mana'y isang arao
dumulóg sa amá gayari ang saysay,
amá co aniya mangyaring paquinggan
nangyari sa aquin parang panaguimpan.

Dumulóg sa aquin si San Isidoro
at ang dinaramít ay damít Obispo,
at ang pagmumucha'y masayang tutoo
sa caluanagan ay nasilao aco.

Ang uica sa aquin aco'y inutusan
nang Dios na Poon ico'y pag sabihan,
ico ra'o'y pabinyag huag maliliban
nang iyong macamtan ang Langit na bayan.

At cundi gayon pilit masasadlac
ang caloloua mo sa tutoong ningas,
caya nga bunso co susundin mong agad
ang utos nang Dios ico ay pabinyag.

Caya nga ama co mangyaring payagan
ang anac mong bunso macapag binyagan.
ang sagot nang ama paano caya iyan
pilit magagalit itong ating bayan.

Aco ay susulat sa haring Fernando
siya'y mag gayac na lihim nang hucbo,
na mag general ang principe Alonso,
at sa gayong gubat magtago animo.

Dahil ang bunso co princesa Zaida
ay nag pupumilit na maguing cristiana,
aquiring uutusan na mangaso siya
sa gubat na yaon inyong maquiquita.

Inyong bibihaguin ilacad pag cuan
catiuala aco't cayo'y taong mahal,
puri nang anac co inyong iingatan
huag itutulot na marurumihan.

Cung aquiring matanto anac co'y nabihag
aco'y cunuari magagalit agad,
ang aquiring hucbo saca pa igagayac
hindi na aabot malayong di palac.

Principe Alonso malaqui ang tua
pagdaca'y lumacad na may dalang digma,

anopa't naganap nasunod ańg nasa
princesa'y nabihag at dinala na n̄ga.

Sa reinong Castilla ay pinabinyagan
at Maria Trinidad ang naguing pangalan,
ang princesa Casilda dating caibigan
pinagsadya tuloy caniyang dinalao.

Hindi na umalis at doon tumira
at silang dalaua laguing magcasama,
tumubo't lumago cabanalan nila
caya n̄ga at sila capua naguing Santa.

Ang magca casama na cadalagahan
malaqui ang tua sa mag caibigan,
man̄ga gaua nila siyang nacaacay
sa pag aayunar at sa cabanalan.

Isang gabí n̄gani na nagugupiling
itong si Casilda tulog ay mahimbing
siya ay pinucao niyong isang Angel
ang uica'y Casilda n̄gayo'y iyong dinguin.

Ang utos nang Dios icao ay humanda
caniyang gagantihin ang lahat mong gaua,
sa icatlong arao cucunin cang cusa
cacamtan mo'y Langit na bayan nang tua.

Pagca sabi nito'y nauala pagdaca
sabihin pa baga itong si Casilda,
malaqui ang tua at pagcaligaya
nang caniyang matanto yaong embajada.

Dinagdagan nanga tanang cabanalan
pag pepenitencia at pag aayunar,
ang man̄ga casama tinauag pag cuan
at bago nan̄gusap nang gayaring saysay.

Mangá capatid co inyong ulinígua
 ang sabi sa aquin niyong isang Angel,
 sa icatlong arao aco ay cucunin
 sa Gloria nang Langit aco ay dadahin.

Caya mangá guilio aco ay tulungan
 sa pananalangin at pag aayunar,
 hanggang sa dumating ang icatlong arao
 at aco sa inyo ay magpapaalam.

Pagca sabi nito'y sabihin pa baga
 mangá pananangis nang mangá casama.
 diyata po baga at iiuan mo na
 sa balat nang mundo cami'y maulila,

Sinong magtatanggol sinong magcucupcop
 eaming maralita't mahihinang loob,
 umaasa coming sa tulong mo'y lubos
 cami'y nagtitibay sa gracia nang Dios.

At ngayong cami ay mahihina pa
 agad mong iiuan sa pangungulila,
 ang catulad namin ay piláy ang paá
 sino ang aacay cung icao'y uala na.

Uica ni Casilda mnga aquing ibig
 buag icalumbay ang aquing pag-alis,
 sapagca't talaga nang Dios sa Langit
 ang aco'y mauna at siya niyang ibig.

Cung aco'y naroon na sa Langit na Gloria
 ang itutulong co sa inyo'y lalo na,
 malaquing totoo at ualang pagsala
 cacalingain co cayo mangá sama.

Ang ihahalal cong pinaca catauan
 si Maria Trinidad aquing caibigan,

ang balang iutos niya't ipangaral
inyong tutuparin para acong buhay.

Ang lahat nang gaua natin ditong dati
huag lilimutin gagauing parati,
sa pananalangin ay mananati
sa gauang maganda magpapacauili.

Cayo'y paaampon sa mahal na Virgen
palibhasa'y Inang lubhang maauain,
cayong manga sama ay cacalingain
sa Langit ay tayo'y magcacapi an din.

Nanalangin nanga nag sasamang lahat
hanggang tatlong arag canilang guinanap,
caya nang dumating sa tadhanang oras
doon cay Casilda pauang nag si harap.

Casilda'y nangusap nang gayaring turing
cayo ay maquinig manga aquing guilio,
yaong dating gaua huag lilimutin
cayo'y mag mataman sa pananalangin.

Aco'y umalis man di macalilimot
idadalangin co cayo aquing-irog,
ihihinging aua sa Poong cay Jesus
siya ang bahalang sa inyo'y mag cupcop.

Caya paalam na manga aquing ibig
aco'y tinatauag nang Dios sa Langit,
pagca uica nito mata'y ipiniquit
siyang pagcalagot nang hiningang quipquip.

Sabihin pa baga ang pananambitan
nang mag cacasamang cadalagahan,
pauang nagsidaló halos boong bayan
mata'y lumuluha at nanga lulumbay.

Ang magcacasama na mga dalaga
siyang una unang humalic sa paa,
nang canilang puno't bangcay ni Casilda
bago nagsisunod naman yaong iba.

Hanggang sa mahusto bilang tatlong arao
na nabuburol nga cay Casildang bangcay,
yaong mga tao hindi magcamayao
na nagsisidalao taga ibang bayan.

Ang mga may saquit nama'y gayon din
humalic sa paa nitong Santang Virgen,
sa laquing himala pauang nagsigaling
ang canilang saquit na idinaraing.

Nabalita na nga itong si Casilda
umaquiat sa Langit yaong caloloua,
caramihang pare nangagsirating na
gagauin ang libing ng mahal na Santa.

Iguinayac na nga yaong paglilibing
sicsican ang tauo na nagsisirating,
hindi magcauasto gulonggulo mandin
bago nagcahusay inabot ng dilim.

Inilacad na nga ang mahal na bangcay
ipinag procesion hanggang sa simbahan,
capagdating doon pinagresponsohan
niyong mga pare hanggang catapusan.

Ano'y sa matapos ang lahat ng ito
pauang nagsioui yaong mga tauo,
bangcay ni Casilda sa loob ng templo
doon nahabilin dapat ngang totoo.

Ang duque Almanzor aking pagbalican
mana'y isang arao siya'y nagpapasyal,

sa tapat ni Andres siya'y naparaan
may isang dalagang doo'y nacadungao.

Ang dalagang ito'y di iba't si Maria
ang mahal na duque tinablan ng sinta,
dumating sa bahay puso ay balisa
di na napalagay sa ganitong ganda.

Di nga nailagan ang mabisang tunod
tudla ni Cupido sa puso at loob,
babalibalicuas hindi macatulog
daig ang malubhang hindi na magamot.

Pagdaca'y tinauag yaong secretario
uica'y paroon ca't ipagtanong mo,
cung sino ang ama niyong naquita co
dalagang sa ganda'y larauan ni Febo.

Sa gayong lansangan doon co naquita
at sa isang cubo'y doon natitira,
cung masundaan mo ang caniyang ama
iyong anyayahan dito ay sumama.

Yaong secretario'y lumacad pagcouan
at ipinagtanong ang amang magulang,
niyon ngang dalaga sa cubo ang tahan
ang taong tinanong sumagot din naman.

Ang ama aniya ay nagpapaupa
at sa gayong lugar iyong maquiquita,
itong secretario lumacad pagdaca
at naquipagusap sa nasabing ama.

Ang unica'y icao ipinatatauag
ng mahal na duque sumama cang agad,
at ibig ca rao niyang macausap
caya abata na't nang iyong matatap.

Anong ibig caya n̄g duqueng marangal
ani Andres aco'y mahirap ang buhay,
ualang mapapala sa aquing anoman
ano baga caya't aco'y cailan̄gan.

Baca hindi aco ang pinatatauag
tila namamali ca n̄g iyong paghanap,
sa aquin ay ualang mapupulong sucat
sapagca't aco'y aba at tauong mahirap.

Caya n̄ga ang dapat ay sumama ca na
nang iyong matanto anong ibig niya,
si Andres nagtindig at isinalong niya
ang caniyang guloc at bago sumama.

Nang dumating doon sa tinatahanan
palacio nang duque na batbat nang yaman,
caya n̄ga't si Andres ay nupapamaang
at napapahanga sa gayong carictan.

Ang mahal na duque ay napapahilig
sa caniyang sillang malabis nang diquit
caya n̄ga't si Andres alangang lumapit
ang uinica'y duque ano po ang ibig?

Ang sagot nang duque ibig cong halinhan
ang pagcalagay mong mahirap ang buhay,
paguiguinhauahing ca cung iyong payagan
anac mong dalaga sa aqui'y macasa'.

Ang sagot ni Andres di mangyari yaon
ang uica nang duque baquit b̄aga gayon?
aco'y tauong mahal tingnan mo na n̄gayon
at camaganac pa niyong Emperador.

Bucod pa sa roon aco ay mayaman
sagana sa tanang man̄ga bagay.bagay,

ano ang dahilan at icao'y aayao
sampung icao naman maguiguinhauahan.

Ang sagot ni Andres anomang sabihin
hindi mangyayari't aco'y aayao rin,
ang uica nang duque cung aco'y ibigun
nang mahal mong anac (ano ang gagauin?)

Ang sagot ni Andres ay papatain co
na ualang pagsala yaon po'y totoo,
ang uica nang duque at papatain mo
cung gayon ay preso at di ca aalis dito.

¿Aco ay preso? cay Andres na uica
binunot ang guloc ang duque'y tinaga,
at bago nagtacbo siyang biglang-bigla
dumating sa bahay mucha'y namumutla.

Anac ay tinanong (sino ba sa inyo
ang pinangangasawa dito nang moro?
ang sagot nang anac uala po ama co
uala po sino mang morong naparito.

Ani Andres aco'y napahamac ngayon
at aqing tinaga ang duque Almanzor,
anang mga anac (baquin nagcagayon?
paghahanapin cang hindi malalaon.

Cundangang ang duque pinipilit aco
aquin dao ipayag ang isa sa inyo,
sa caniya macasal nang aayao aco
aco rao ay preso caya tinaga co.

Anang mangang anac (ay! sa ama namin
capilit-pilitan icao ay daracpin,
nang mga justicia't hahatulang tanging
ng daquilang duque icao'y papatain

Sapagca't ang duque malaquing totoo macapangyarihan dito sa Toledo, ang sinomang tauo at hatulan nito ualang di susundin itong m̄ga moro.

Cung icao'y mamatay anong masasapit nitong buhay namin ditong magcapatid, sino pa sa amin ang magtatangquilic sampung puri namin n̄gayo'y mapan̄anib.

Sapagca't sa moro'y uala mang anoman sumira nang puri nang m̄ga binyagan, tungcol sa canila'y hindi casalanan maghapay nang puri naman at pumatay.

Halina po ama at icao'y sumama aming itatago sa loob nang cueba, cung paghanapin man nang manḡa justicia ay uala ca rito't di ca maquiquita.

Ang duque Almanzor ang pagbalican co pagdaca'y tinauag yaong secretario ang uica'y parunan at pagsabihan mo yaong si Ambrosio animo'y parito.

Yaong secretario pagdaca'y lumacad si Padre Ambrosio'y caniyang tinauag, capag dating naman lumapit nang agad ang duque'y tinanong cung ano ang han̄gad.

Ang uica n̄g duque tignan mo Ambrosio yaring aquing sugat at gamutin mo, uica ni Ambrosio, hindi maaano madaling gagaling sa cagomutang co.

N̄guni't sino baga yaong tampalasan tumaga sa iyo di naalang alang,

cung naraquip sana't nasa bilanguan
nang maparusahan sa guinauang iyan.

Ang sagot n̄g duque hindi co inano
sapagca't matapang ay cailangang co,
at cung di gayon ang sino mang tauo
hindi mangangahas na tataguin aco.

Ang tauo n̄gang ito aqing pinatauag
sapagca't ang lagay tantong mahirap,
ang aqing sinabi ay caniyang ipayag
icasal sa aquin isa niyang anac.

Ayao pumayag ang amang matanda
cahit payamanin siya n̄g sagana,
nang aqing pilitin aco ay tinaga
at bago nagtacbo siyang biglang bigla.

Caya n̄ga Ambrosio aqing hinihiling
ang nasabing ama iyong paghanapin,
na mangyaring iyong gauan n̄g magaling
yaong caniyang anac macasal sa aquin.

Sapagca n̄ga't aco'y hindi mapalagay
ang loob co't puso sa sinta'y naratay,
sa dalagang yaon na aqing natanao.
di co icatulog sa gabi at a ao.

Di co malimutan ang ganda at diquit
dini sa puso co'y nagbigay ligalig,
ang tinging co baga'y tunay taga langit
sa bunying profeta yao'y si Houris.

Sagot ni Ambrosio ay pabayaan mo
aco ang bahala paghahanapin co,
at baca sacali at quilala aco
bago co salitin ang bagay sa iyo.

Ano'y sa matapos siya'y napaalam
sa sariling loob guinugunam gunam,
na hindi sasala't yaoy binyagan
caya nga't nanagang di naalang alang.

Nagpatuloy na nga ng caniyang lacad
sa bahay ni Andres naquita ang anac,
mautos na nga na tauaguin agad
yaong inyong ama't aquing macausap.

Uala po ang sagot naman sa caniya
ano po baga ang balita niya,
sagot ni Ambrosio cung tunay nga siyang
tumaga sa duque siya'y ligtas na.

Sabihin pa baga ang tua ng anac
ang caniyang ama'y tinauag nang agad,
capagdating naman Ambrosio'y nangusap
tumahimic ca na at icao ay ligtas.

Sabihin pa baga mga catuaan
niyong mga anac naligtas ang buhay,
at cung hindi sana ay sa cagalitan
ng mahal na duque siya ay nabitay.

Sabihin pa baga itong magcapattd
ang pasasalamat di mapatidpatid,
naligtas ang buhay niyong amang ibig
caya nga nangusap ng gayaring sulit.

Salamat salamat oh Dios na mahal
ang aming pagdaing iyong pinaquinggan,
naligtas si ama sa capanganiban
at nagbalang sigua niyong camatayan.

Si Ambrosio naman nagbalic din noon
at naquipagquitu sa duque Almanzor,

caniyang sinabi naquita co yaong
tumaga sa iyo quilala co ngayon.

Mga taong palang tunay na binyagan
hindi nga papayag sa iyo'y macasal,
ang caniyang anac cahit pilitin man
at buntunan mo man ng maraming yaman.

Ang sagot nang duque ay paano caya
ang mabuting gauin sa iyong acala,
nang aqing macamtan ang cameta't sula
sa puso co't loob nagbigay dalita.

Sagot ni Ambrosio cung icao'y papayag
nang iyong macamtan icao ay pabinyag,
ang sagot nang duque ualang liuag-liuag
cung aco'y ibiguin nang sinta co't liyag.

Hindi aco lamang ang magbibinyagan
cung di tanang aqing casama sa bahay,
nga alila co ay gayon din naman
sasabay sa amin cung cami'y icasal.

Cung gayon gauin mo uica ni Ambrosio
icao ay magdamit nang damit cristiano,
at mag pangalan ca nang ngalang Antonio
isasama quita't ipamamanhic co.

Na icao ay turuan nang mga dasalan
sapagca nga't lahat iyong nalimutan,
ang sagot nang duque sa papaano man
ay aqing gagauin maibig na lamang.

Cung gayon ang uica naman ni Ambrosio
humanda ca't bucas aco'y paparito,
isasama quita't macacapisan mo
ang sinisinta mo at macacasalo.

Ang uica nang duque sa gandang paraan
ang inacala mo't mangá caisipan,
diyata at aco ay macacapisan
nang diosang bumihag niring catauhan.

Aqing idaraing nang luha't himutoc
ang daquilang sintang sa puso'y naglagos
at upandin lamang puso niya'y malunos
sa aqing pagluhog lumubag ang loob.

Si Ambrosio naman nang quinabucasan
siya ay nagbalic at inanyayahan,
ang mahal na duque at nag damit naman
nang damit cristiano tulad sa binyagan.

Nagsi lacad nanga't doon napatungo
sinabi cay Andres nitong si Ambrosio,
uica'y itong batang casama co rito
nang munti'y nabihag nitong mga moro.

Lahat nang dasalan caniyang nalimutan
caloloua nito'y nang hindi masayang,
inyong caauaan na siya'y turuan
cayo rao naman ay paglilingcuran.

Ang sagot ni Andres cung ibig na niya
ang siya'y matuto ay iuan mo na,
cayong mga bunso Juana't Maria
inyong tuturuan cayo ang maestra.

Itong nag Antonio ay natira na nga
sa bahay ni Andres malaqui ang tua,
ngayong tumititig sa masayang mucha
nitong si Mariang ninanasa nasa.

Nag paquitang bait mga cabutihan
malicsing malicsi saan man utusan,

caya nga naman at quinatuan,
nitong mag-aamá at siya'y minahal.

Lalo na si Maria puso'y napahilig
dito cay Antonio dahil sa mabait,
si Antonio naman panunuyo'y labis
hanggang sa nag tuloy sa mga pag-ibig.

Mana'y isang arao caniyang nilapitan
ang bunying si Maria't gayari ang saysay,
poong co'y salamat aquing natutuhan
ang mga turo mo na mga dasalan.

Ang pagca tuto co anaqui'y himala
aco man sa aquin ay napapahanga,
uala pang sang linggo sa aquing acala
ang mga dasalan natutuhang paua.

Balang ituro mo ay natatandaan
dahil ang maestra'y tunay na larauan.
ni Febo cung bagong litao sa silangan
dini sa puso co'y nagbigay ligamgam.

Mula nang maquita ang ganda mo't diquit
tumino ang sinta sa puso co't dibdib,
sa arao at gabi hindi naiidlip
ang bait co't isip pinaulic-ulic.

Pinag isip-isip yaring aquing lagay
dahil sa mababa at alila lamang,
aco'y nanganganib baca di mabagay.
yaring abang palad sa iyong carictan.

Ang uica ni Maria magdahan dahang ca
huag pasilambang sa iyong pag sinta,
icao ay mag hintay at mag masid muna
at di birong gaua ang pag aasaua.

Cung capalaran na'y di nga pasasaara
cung loob nang Dios sino ang susuay,
caya nga ang dapat icao ay maghintay
ang Dios na Poon siya mong daiḡan.

Mabuting mag hintay loob ay piguiling
humiḡi nang aua sa mahal na Virgen,
nang caniyang ituro sa icagagaling
nang dalauang pūsang papag iisahin.

Yaon nga ang tunay sagot ni Antonio
at dapat na sundin ang mḡa hatol mo,
aco namang yari ay mananagano
mangyaring ituro ang capalaran co.

Cung ang pagca quita ay sa biglang bigla
aquiring nariringig na dating salita,
ay bigla rin naman yaong pagca uala
ang masasapit pa'y ang lumuha-luha.

Sa di causa nga ay nagca sintahan
tuloy isinumpa nang totoong tibay,
sila'y parati nang nagsasalitaan
caya nga't ang ama sila'y nasubucan.

Tinauag si Maria caniyang binulas
ano baga't cayo'y lagui nang naguusap,
tila sa randam co iyong nililiyag
ang isang alila at tauong mahirap.

Talastas mo't iyan mahirap ang buhay
anong mapapala mo cung cayo'y macasal,
hirap at hirap din ang casasapitan
di mo na inisip ang cahihinatnan.

Bucod sa alila at buhay na mahirap
hindi mo pa tanto cung caninong anac,

agad mong sisintahin di ca nagsiyasat
taga saang bayan cung saan nagbuhat.

Huag co na cayong muling masubucan
na cayo'y parating mag sasalitaan,
si padre Ambrosio aqing paparunan
ipacucuha co iyang batang iyan.

Pagdaca'y tumunõo doon cay Ambrosio
ang uica'y cunin mo yaong si Antonio,
pagca't di co ibig ang namamasdan co
sila ni Maria'y tila nagcacagusto.

Sila'y parati nang nagsasalitaan
tila tunay na nãang nag cacagustuhan,
yao'y di co ibig sa cailan pa man
nasoc na alila at saca liligao.

Ano ang pintas mo sagot ni Ambrosio
masama bang bata iyang si Antonio,
sa ugali naman masama bang tauo
at hindi mo ibig macasama niniyo.

Sabihin mong lahat m̃ga capintasan
cung baga masama m̃ga calooban,
cung ugaling tamad di ca paglingcuran
sabihin mong lahat tanang casamaan.

Ang sagot ni Andres ay ualang uala na
acong masa-abi sa ugali niya,
at ugaling mahal loob na maganda
at masipag naman at masunurin pa.

Nguni't di co ibig yaong cagagauan
nasoc na alila't siya'y tinuruan,
at saca nãayon naging catapusan
siya'y nangasaua aco ay aayao.

Uica ni Ambrosio iyo bang quilala
iyang si Antonio na aqing dinala,
ang sagot ni Andres ay hindi aniya
sino бага iyan sa aqui'y ibadya.

Iyan n̄ga ang duque na sinugatan mo
naquita si Maria sinintang totoo,
siya'y pabibinyag na mag cristiano
cung ibig ni Maria na maquing esposo.

Ang uica ni Andres jat iyan ang duque
ay cahanḡa-hanḡa itong nangyayari,
dahilan n̄ga lamang sa sintang malaqui
nasoc na alila at siya'y nagsilbi.

Ang sino mang duque hindi magagaua
cahit man tinablan n̄g sintang daquila,
ay hindi papasoc na paaalila
at ang camahalan dapat icahiya.

Ang duque Almanzor caiba sa lahat
dahilan sa sinta bait ay nabulag,
m̄ga camahalan caniyang hinamac
m̄ga cahihiyan hindi na nilingap.

Caya ang uica co cung siya'y binyagan
ipapayag co na ang sila'y pacasal,
sagot ni Ambrosio cung gayo'y paalam
ihahanda co na ang pagbibinyagan.

Aqing isasama iyang si Antonio
nang maigayac na yaong palacio,
bucod na capilla at ang isasabay co
yaong pagbibinyag at matrimonio.

Tinauag ni Andres m̄ga anac niya
caniyang sinabi si Antonio pala,

ang mahal na duque di co naquilala
nasoc na alila dahil cay Maria.

Itong magcapatid napatacang lubha
diyata't ang duque nasoc na alila,
dahil nga lamang sa sintang daquila
camahalan niya di iquinahiya.

Ani Asdres Maria icao'y gumayac
cayo'y icacasal cung macapagbinyag,
sabihin pa baga ang tua at galac
ng puso ni Maria nasunod ang hangad.

Anopa't naganap yaong pagcacasal
laquing pagsasaya't mga catuaan,
silang magama'y doon na tumahan
caya't guminhaua ang canilang lagay.

Isang arao naman si Maria'y tinauag
ng caniyang esposo bago quinausap,
aniya'y esposa aco ay tumanggap
narito't basahin ang padalang sulat.

Niyong gobernador sa reinong Córdoba
aco rao'y paroon at hahatulan na,
yaong aqing usap malaquing halaga
caya cailangan ang mapaharap ca.

Caya nga irog co mangyaring tulutan
aco'y paroroon ilang arao lamang,
ang sagot ni Maria cung di na mabalam
tinutulutan co ang iyong pagpanao.

Huag malalaon agad cang babalic
alalahanin mo ang esposang ibig,
laguing maninimdim sa iyong pagalis,
icao ay iilag sa mga panganib.

Ang mahal na duque nang macaalis na
si Maria naman nagutos pagdaca,
ang lahat ng pinto ay ipinasara
hanggang sa uala pa ang sintang asaua.

Ang mga biatana nasasarang lahat
ang mga lalaqui pauang pinalabas,
mahigpit na utos huag magbubucas
cung tungcol lalaqui ang siyang tatauag.

Tinauag si Juana aniya'y caca co
mula nang umalis ang aqing esposo,
pinasoc ng lumbay ang pusot loob co
hindi co matanto cung ito ay ano.

Ang sagot ni Juana huag mong pansinin
pagpipilitan mong puso mo'y maaliw,
di mo nanran sucat na panimdimin
sapagca't ang duque ay tantong magaling.

Ipagpagayong co naman sa Córdoba
yaong gobernador nagutos pagdaca,
tanang mga mahal magipong lahat na
doon sa palacio't siya'y may anyaya.

Nang magcaipon na doon sa palacio
tanang mga mahal mga caballero,
anang gobernador ay darating dito
yaong gran duque papurihan ninyo.

Di pa nababalam ay sa darating na
ang duque Almanzor sinalubong nila,
nangag upuan na doon sa lamesa
bago nagsicain laqing toua't sayá,

Matapus cumain nangagsalitaan
ang uica ng duque aco ay nabalam,

di nacaparito at nagca dahilan
sapagca n̄ga't aco muna'y napacasal.

May isang mahal na caumpoc nila
tubhang mapalalo n̄gala'y si Abdalá,
ang siyang sumagot aco n̄ga aniya
di na cailan̄gan ang mapacasal pa.

Cabulaanan n̄ga yaong sinasabi
matibay ang puso n̄g m̄ga babai,
na di tatalunin nino mang lalaqui
at di mahahapay ang hauac na puri.

Ituro sa aquin dalagang sino man
cahit di dalaga may asaua pa man,
mailalaban co cahit magpustahan
pag naligauang co pilit mahahapay.

Ang mahal na duque ay nagdalang galit
sa capalaluang caniyang naringig,
at ang taong ito'y nasira ang bait
sa capalalua't cahambugang labis.

Aco ang lalaban n̄gayon nang pustahan
aco'y may asaua sa Toledong bayan,
parunan mo n̄gayon at iyong liguan
cung iyong mabihag aco'y pabibitay.

At cung hindi naman icao ang bitain
oo n̄ga ang sagot naman nitong haling,
aquiring paruruan at cacausapin
anang duque'y ilan ang arao na taning.

Sagot ni Abdalá ay dalauang arao
aco'y inyong hintin hindi magcuculang,
aco'y magdadala niyong catibayan
na aquiring nabihag inyong matitingnan.

Anang gobernador yari na ang trato sarsi itong lahat naritong guinoo, napaalam na n̄ga itong maglililo siya'y napatungo sa bayang Toledo.

Nang siya'y dumating caniyang natanao ang m̄ga bintana pauang nasasarhan, at ang m̄ga pinto ay gayon din naman tumauag man siya ay di siya bucsan.

Sabihin pa bagá itong si Abdalá nang di siya bucsan' laquing pagtataca, ano ang dahilan at nagcagayon na ang bahay na ito'y laguing nacasara.

Hindi na umalis siya'y nagbabantay sa tapat n̄g bahay nagparaan daan, may isang matanda namang manggagauay nang siya'y maquita agad nilapitan.

Uica n̄g matanda bunying caballero tila may nasa ca sa pagcamasid co, macapasoc diyan, ang sagot ay oo malaqui ang nasang macapasoc aco.

Sagot nang matanda hindi mangyayari bual ang pumasoc cung tungcol lalaqui, mahigpit ang utos n̄g punong babai duquesa Maria asaua n̄g duque.

Uica ni Abdalá aco'y iyong gauan na macapasoc ca itanda mo lamang, ang laman nang cuarto m̄ga cagayacan cung ilan ang mesa at sillang upuan.

At sampo nang catre cung ano ang gayac sa mucha ni Maria icao ay mag malas,

cung may maquita ca na ano mang bacas lunar at iba pa itanda mong lahat.

At cung magaua mo quita'y babayaran nang sangdaang piso ualang* caculangān, sagot nang matanda ay aqing cucunan bucas parito ca aqing ibibigay.

Matanda'y lumapit sa pinto'y tumugtog matantong matanda siya'y pinapasoc, naquita si Maria cunua'y nalunos ang uinica'y hija salamat sa Dios.

Aco'y nagpasuso nang icao'y sanggol pa agad naulila sa nag iuing ina, quita'y inalila quinandong-candong ca hanggang sa lumaqui iniuan na quita.

Ngayon nga at tila ito'y catapusan at aco'y aalis paiibang bayan, parang pahimacas ang aco'y tulutan macatulog dito hanggang bucas lamang.

Siya'y tinulutan naman ni Maria doon pinatulog sa casiping niya, nang hatinggabí na'y nagbanon pagdaca ipinagtatanda ang balang maquita.

Itong si Maria may lunar sa mucha na nasa sa pisngi sa dacong caliua, madaling madali namang itinanda pumutol nang buhoc at binalot na nga.

Capagca umaga siya'y napaalam aco'y patutungo sa malayong bayan paglabas sa pinto nacaabang naman yaong si Abdalát siya'y hinihintay.

Yaong m̄ga tanda tambing iguinuad
cay Abdalá naman binasa nang agad,
pagcabasa niya'y laquing tua't galac
ito n̄ga ang aquing m̄ga hinahanḡad.

Narito't tanggapin ang cabayaran mo
sa oras ding ito ay lalacad aco,
ualang daan n̄ganing di aco manalo
ualang ipupuing sa tandang dala co.

Lumacad na siya loob ay masayá
oh duque Almanzor humanda ca na,
uala n̄gang pagsala at matatalo ca
pilit mabibitay sayang nang hininga.

Baquin mo hinamon aco sa pustahan
ang banta mo yata di aco lalaban,
itong masasupit icao ang talunan
at mabibitay ca n̄gayong sapilitan.

Nang siya'y dumating doon sa Córdoba
tanang caballero nagcacatipon na,
siya'y sinalubong binati pagdaca
Abdalá'y masayá tila nanalo ca.

Anang gobernador n̄gayo'y cailanḡan
iyong ipaquita ang catotohanan,
uica ni Abdalá ay inyong paquinggan
mahal na Almanzor ang aquing tuturan.

Ang iyong cuarto cubcob nang damasco
bordado nang pilac (ano ang uica mo?
at may mesa pa n̄ga sa guitna nang cuarto?
ang sagot nang duque yaon ay totoo.

Ang iyong catre't camang hihigan
bordado nang guinto sadyang cariquitan,

at itong buhoc pang pinutol co'y tingnan
cung sa esposa mo hayo't iyong turan?

Ang sagot nang duque tunay na n̄gang lahat
ang iyong sinabi dito at pahayag,
anang gobernador cung uala cang dapat
na maitutol pa talo ca nang hayag.

Ang sagot nang duque uala cahit isa
na maitututol pa sa sinabi niya,
ano ang gagauin naguing palad co na
ang aco'y matalo't manalo ay siya.

Anang gobernador sa m̄ga sundalo
ang mahal na duque ay dalhin ninyo,
doon sa castillo nang mahal na tauo
sa icatlong arao bibitain ito.

At inyong biguian tanang cailan̄gan
tintero't papel at batang utusan,
sapagea t ito'y ualang casalanan
sa canilang pusta ay natalo lamang.

Sumulat ang duque sa esposang liyag
sinalita niya ang nangyaring lahat,
nang mabasa naman ni Maria ang surat
biglang napaguicla agad nang gumayac.

Humingi sa ama nang isang cabayo
aquiring ililigtas ang aquiring esposo,
doon sa nagsucab tauong maglililo
pagdacay sumacay saca nagpatacbo.

Ang m̄ga alahas caniyang dinala
diamante't guinto pauang mahalaga,
nang siya'y dumating doon sa Córdoba
hindi nagtuloy sa sintang asaua.

Ang guinaua muna'y caniyang hianap
ang isang platerong mabuti sa lahat,
nang macaquita na'y nag pagauang agad
isang paang hicao totoong marilag

Ang hicao na ito ay labis na laqui
na pinasicsican nang m̃ga diamante,
uica sa platero gauin mong mabuti
cahustuhang bayad icao ang magsabi.

Iyong yayariin sa quinabucasan
ang platero naman nangaco pagcuan,
caniyang yayariin na di maliliban
ay hustong sang libo m̃ga cabayaran.

Mayari ang trato guinaua nang agad
cabiác na hicao magaling sa lahat,
anopa't nayari sa arao nang bucas
agad binilangán ni Maria ang bayad.

Sapagca't nang arao na quinabucasan
arao nang sa duque siya'y mabibitay,
si Maria naman siya'y nacaabang
ang sabit sa taiñga cabiyac na hicao.

At bago tinacpan nang caniyang manto
siyang pagdaraan nang m̃ga sundalo,
ang duque sa guitna sumusunod dito
tanang camahalan m̃ga caballero,

At ang gobernador nasa sa hulihan
ang lilong Abdalá siyang caagapay,
caalam alam ñga'y sa lalabas naman
nitong si Maria at bago humiyao.

Ang uica'y justicia poong gobernador
aco po ay iyong uliniguin ñgayon,

anang gobernador ano baga yaon
hayo na't saysayin iyang nilalayan.

Yaring aquing hicao naquita mo baga
anang gobernador totoong maganda,
at sa sandituhan ualang pangalaua
nacasisilao pa sa titig nang mata.

Ang cabiac po nito'y cusang pinagnacao
niyang caballerong iyong caagapay,
yaong si Abdalá'y cusang napasigao
mata'y nangdidilat tumanong pagcuan.

¿Aco ay nag nacao? ¿at sino ca baga?
ani Maria'y di mo aco caquilala,
at hindi mo aco naquiquita-quita
di nacacausap? nḡayo'y magsabi ca.

Sagot ni Abdalá ay uala isa man
sa mḡa sabi mo't mangá tinuringan,
di ca naquiquilala magpa cailan man
di ca nacausap cahit man miminsan.

Aco ang esposa nḡ duque Almanzor
hingi co'y justicia poong gobernador,
baquit nḡa nagaua iyang pamumusong
puri co'y siraan nagbulaan tuloy.

Ang sigao ni Maria sacsi cayong lahat
mḡa caballerong dito ay caharap,
di aco quilala't di nacacausap
at di naquiquita nitong lilo't sucab.

Anang gobernador magsiurong cayo
magbatic na lahat doon sa palacio,
nagbalican na nḡa tanang caballero
ang duque Almanzor at mḡa sundalo.

Nang magcatipon na tinanong pagdaca niyong gobernador yaong si Abdalá, uala na n̄ga acong maitatanong pa sapagca't icao na ang siyang nagbadya.

Sa itatanong co'y sumagot cang agad yaong m̄ga tandang dito'y iniharap, ¿saan mo quinuha at saan nagbuhat? n̄gayo'y saysayin ang nangyaring lahat.

Sa isang matanda sagot ni Abdalá manggagauay rao aqing inaupa, anang gobernador saan natitira hayo na't turan ang tahanan niya.

Doon din sa tapat n̄g sariling bahay n̄g mahal na duque ang tinitirahan, doon co naquita iyang manggagauay at doon co rin n̄ga pinaquiisapan.

Anang gobernador aco ang bahala ipararaquip co nasabing matanda, at hahatulan co ayon sa guinaua dapat na ihaguis sa malaquing siga.

Hayo na sundalo inyong dalhin naman itong si Abdalá isabilangguan, sa carcel n̄g tanan na may casalanan sapagca n̄ga't ito may sala nang tunay.

Naualan n̄g puri't camahalang hauac at naging timaua parang tauong hamac, sa guinaua niya nitong pagsusucab at ang pagdaraya sa harap nang lahat.

Sa icatlong arao siya'y bibitayin at iyong matanda inyo namang dacpin,

sa malaquing siga ihaguis na tambing nang di pamarahan n̄ sino ma't alin.

Ipag pagayong co naman sa dalaua sa mahal na duque at caniyang esposa, ang duque ay halos maluhod sa paa n̄ pasasalamat dito cay Maria.

Uica ni Maria baquit naisipan na icaō'y lumaban naquipagpustahan, cung sacali't icaō ang siyang nabitay sampung aco naman pilit mararamay.

Bucod pa sa roon puri co'y nasira cumalat sa lahat aco'y dalahira, balang macaalam pilit mauiuica dahilan sa aquin buhay mo'y nauala.

Ang capurihang co'y mahiguit sa buhay mamatay man aco cung may puring tan̄an, ang batong tataquip sa aquing libin̄an malinis at ualang bahid cahihiyan.

Isa pa sa roon sinta cong esposo yayamang n̄gayon icaō'y cristiano, malaqui n̄gang sala ang nagaua mo at icagagalit nang Dios sa iyo.

Caya n̄ga ang dapat iyong pagsisihan ang gayong calaquing gauang casalanan, at pagtichan mo n̄ tantong matibay upang patauarin n̄ Dios na mahal.

Sa buhay n̄ tauo ang Dios n̄ga lamang ang may aring tunay n̄ lahat n̄ bagay, sucat ba ninyong ipusta ang buhay parang sarili na't ari ninyong tunay.

Ang uica nang duque esposa cong ibig
aco'y patauarin di co napag isip,
caya nabighani aco ay nagalit
sa capalaluan na aqing naringig,

Caya n̄ga napatuloy naquipagpustahan
doon cay Abdalá labis cahambugan,
talastas co naman puso mo'y matibay
na di papayagang puri mo'y mahapay.

Aco'y nagsisisi ano't nacagaua
di co na inisip na yao'y masama,
magmula n̄ga n̄gayon aco'y magtatanda
di co na gagauin at salang daquila.

Ano'y sa matapos yaong pagbibitay
doon cay Abdalá at gayon din naman,
nahagquis sa siga yaong manggagauay
doon sa palacio muling nagcapisan.

Yaong m̄ga mahal man̄ga caballero
ang duque't si Maria casama rin dito,
anang gobernador n̄gayo'y dinguin ninyo
ang dapat na gauin sa nangyaring ito.

Carampatan n̄ganing ating ipag-uagui
itong pananalo nang isang bayani,
sa gayong cahigpit nang m̄ga nangyari
caniyang iniligtas ang asauang casi.

Cung ang itututol itatangui lamang
na di nahahapay ang puri n̄gang tan̄gan,
hindi mangyayari't isasagot naman
nagbabangong puri bago ay nahapay.

Yaong man̄ga tanda na ipinaquita
na catotohanang dalá ni Abdalá,

ano baga cayang maisasagot pa'
baquin caya ito'y aqing macucuha?

Caya nga ang dapat ating ipagdangal
handugan nang puri nitong ating bayan,
bucod sa musica't auit na saluan
na ucol at dapat sa hinahandugan.



Mga aklat na yari dito

(Mga aklat na sinulat ni R. Ignacio.)


"Buhay ay Pag-ibig"	6 na hati.	4 00
"Balong Masaya"	1 ,,	0 60
"Libingang Bakal"	1 ,,	0.60
"Pusong Magdaraya o Sumpain ang mga Babai"	1 ,,	0.60
"Pusong Magdaraya o Sumpain ang mga Lalaki"	1 ,,	0.60
"Malupit na Ina"	1 ,,	0.60
"Azucena"	2 ,,	1.20
"Sa Laot ng Pagsusuyuan"	2 hati.	1.20
"El Moderno Vocab. Tagalo Español"		0.80
"Vocabulario Ingles Español Tagalo."		0.80
"Medicina Domestica Dr. Buchan" Pasta		3 50
" " " " Rustica		3.00
"Kusinang Tagalog"	1 hati	1.50

(Mga aklat na sinulat ni G. Chanco)

"Sa Harap ng Kamatayan."	1 hati	0.60
"Dahil sa Pag-ibig"	2 ,,	1.20
Huling araw ng isang bibitayin	1 ,,	0.60
"Mahigit sa Ginto"	1 ,,	0.60
"Amaury"	2 ,,	1.20
"Kalihim ng Puso"	1 ,,	0.80
"Halina sa Paris"	1 ,,	0.60

(Mga aklat na sinulat ni J. L. Arsciwals.)

"Luha ng Makasalanan"	1 ,,	0.70
"Dakilang Pag-ibig"	1 ,,	0.60
"Ely"	1 ,,	0.60
"Babaing Martir"	1 ,,	0.60
"Isa pang Bayani"	1 ,,	0.20



Limbagan at Tindahangaklat ni P. Sayo Balo ni Soriano

Rosario 225 Binundok, Maynila.

Ipinagbibili sa mga TINDAHANG-AKLAT na ito
ang mga sumusunod na aklat sa wikang tagalog:

ISANG DIOS at tatlo sa pag-
kapersena.

Panayam ng TATLONG BI-
NATA.—Dalawang hati

Ang pagkaagaw ni FERNANDO
kay TERESA

LEONCIA at TERESA.

DALAWAMPU AT DALA-
WANG KUWENTO—Dala-
wang hati

BERNARDO CARPIO

IBONG ADARNA

Ang pagtatalo ng TATLONG
NUMERO

Doña MARIA sa AHAS

DOCE PARES

ISABELA

Don JAIME del PRADO

FLORANTE at LAURA

HARING PATAY

SAUL at DAVID

PANTINOPLÉ

PITONG INFANTES de LARA

REINA MORA

DAMA INÉS

RODRIGO de VILLAS

SIGESMUNDO

KABAYONG TABLA

Don JUAN TIÑOSO

Principe BALDOVINO

Ang kahambalhambal na Pag-
kaguhô ng Troya

Almanzor

Arturo, Lauro at Rosalio

Abecedario

Adan at Eva

Beatriz

Bertong Lasing

Haring Clodoveo

Margarita de Crotona

Principe IGMIDIO

Oliveros

Haring Don Luis.

Alejandre at don Luis

Dr. Jose Burgos

Dr. Jose Rizal

Juan at Maria

Martir sa Golgota

Doncella Teodora

Banca Flor

Gonzalo de Cordova

Amang si Jesus

Panaginip ng pagibig (comedia)

Prinsipe Gimeno

Florentina

Gunlas

Esopo

Manrique

Felizardo

Calabaza

San Isidrong Magsasaka

Igaya sa Langit at Mundo

Ntra. Sra de Antipolo

Prinsipe Aladino

Buhay ni Jose Flores

Rodolfo

Santa Ana

Santa Eulalia

Sagrada Misa

Tablante de Ricamonte

Villarba

Viveficio at Teofila

Urbana at ni Feliza

Totoo at Sinungaling

Poncho Pilato

Julietta at Romeo